ANG DIYOS AY *liwanag*

Papuri—Ang Diyos ay Liwanag: Siyang ating espirituwal na liwanag, at ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan
(mga) Kasulatan: *2 Samuel 22:29; 1 Juan 1:5; Juan 8:12*

Kumpisal—

Kung sinasabi nating tayo'y may pakikiisa sa kanya ngunit namumuhay naman tayo sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay ayon sa katotohanan. Ngunit kung namumuhay tayo ayon sa liwanag, gaya ng pananatili niya sa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak. *Juan 1:6-7*

Pasasalamat—

Sapagkat ang Diyos na nag-utos na "magkaroon ng liwanag sa gitna ng kadiliman" ay siya ring nagbigay liwanag sa aming isip upang makilala namin ang kaluwalhatian ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo. *2 Corinto 4:6*

Pamamagitan—

Ating mga Anak: Naway ang salita mo'y maging ilawan sa mga paa ni _____, at liwanag sa kanyang landas. Gayundin naman, dapat niyang paliwanagin ang kanyang ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang kanyang mabubuting gawa at papurihan ang ating Ama na nasa langit." *Salmo 119:105 Mateo 5:16*

Kaligtasan ng nawala: Idilat mo mga mata ni _____nang sa gayon sila ay bumalik sa ilaw mula sa kadiliman. At sila ay bumalik sa Diyos mula sa kapamahalaan ni Satanas. Sinusugo kita upang sila ay tumanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mana kasama ng mga pinapaging-banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin. *Gawa 26:18*

Estudyante: Dati, kayo'y nasa kadiliman, ngunit ngayo'y nasa kaliwanagan na, sapagkat kayo'y nasa Panginoon. Mamuhay kayo ngayon nang nararapat sa mga taong nasa liwanag. *Efeso 5:8*

Guro/ Mga Nangangasiwa: Sapagkat ang Diyos na nag-utos na "magkaroon ng liwanag sa gitna ng kadiliman" ay siya ring nagbigay liwanag sa aming isip upang makilala namin ang kaluwalhatian ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo. *2 Corinto 4:6*

Paaralan: Nguni't ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nagalis ng kamatayan, at nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng evangelio. *2 Timoteo 1:10*

Mga Ina sa Panalangin:
Ngunit kayo ay isang lahing pinili, mga maharlikang pari, isang bansang hinirang, bayang pag-aari ng Diyos, pinili upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kahanga-hangang kaliwanagan. *1 Pedro 2:9*

Moms in Prayer INTERNATIONAL™
Ang mga Nanay na Nagdadasal sa Iba't-ibang Bansa
momsinprayer.org